Alberta

Palabas na **balita**

# Magsisimula na ang paglulunsad ng bakuna ng Pfizer para sa mga bata

Nobyembre 23, 2021

Sa pamamagitan ng 394,000 na mga dosis para sa mga bata ng Pfizer na bakuna sa COVID-19 na dumarating sa lalawigan, sisimulan ng Alberta ang pagkuha ng mga pagpapatala sa bakuna para sa mga lima hanggang 11 taong gulang sa Nobyembre 24.

Ang mga dosis ay ipinamamamahagi sa 120 klinika sa pagbabakuna ng Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Alberta (Alberta Health Services) sa buong lalawigan at apat na parmasiya sa mga komunidad kung saan ang mga klinika ng AHS ay hindi malapit.

Ang mga pagtitipan ay kakailanganin para sa lahat ng mga pagbabakuna sa bata at ang mga pagpapatala ay magbubukas ng alas 8 ng umaga sa Miyerkules, Nobyembre 24. Ang mga pagtitipan para sa mga unang dosis ay magsisimula sa Biyernes, Nobyembre 26. Ang karagdagang mga detalye sa mga lokasyon kung saan maaaring mag-book ang mga magulang ng mga pagtitipan ay makukuha sa mga darating na araw.

**Pagbu-book ng pagtitipan sa pagbabakuna para sa mga batang may edad na lima hanggang 11 taong gulang**

Ang mga pagbabakuna sa bata ay ibibigay sa mga klinika ng Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Alberta (Alberta Health Services) sa buong lalawigan. Ang mga bakuna ay makukuha rin sa apat na parmasiya kung saan ang mga klinika ng AHS ay hindi maginhawang natatagpuan. Ang mga pagtitipan sa unang dosis ay dapat ipatala sa pamamagitan ng Alberta Vaccine Booking System sa alberta.ca/vaccine o sa pamamagitan ng pagtawag sa Health Link sa 811. Ang mga walk-in ay hindi pa magagamit sa ngayon.

Ang mga batang lima hanggang 11 taong gulang na nakatira sa isang reserve ng First Nations ay makaka-akses din ng mga dosis

## Kaugnay na impormasyon

Gumawa ng iyong tipanan para sa bakuna sa COVID-19

Mga bakuna at mga tala ng impormasyon sa COVID-19

Impormasyon ng AHS sa pagpapatala para sa bakuna

## Mga katanungan sa media

Steve Buick
Steve.buick@gov.ab.ca
Nakatataas na Kalihim ng Press, Ministeryo ng Kalusugan
780-288-1735

sa pamamagitan ng mga istasyon ng narsing o mga pampublikong klinikang pangkalusugan na nasa reserve.

Ang inirerekomendang agwat sa pagitan ng una at pangalawang dosis para sa mga batang may edad na lima hanggang 11 taong gulang ay hindi bababa sa walong linggo. Inirerekomenda rin na ang mga bata ay dapat maghintay ng hindi bababa sa 14 na araw sa pagitan ng pagtanggap ng bakuna sa COVID-19 para sa bata at isa pang uri ng bakuna.

**Programa ng Iksemsyom sa mga Paghihigpit (Restrictions Exemption Program)**

Ang mga batang wala pang 12 taong gulang ay patuloy na magkakaroon ng akses sa mga negosyo at mga lugar na kalahok sa Programa ng Iksemsyon sa mga Paghihigpit (Restrictions Exemption Program), anuman ang kanilang katayuan sa pagbabakuna. Bibigyan nito ang mga magulang at tagapag-alaga ng oras upang magpasiya kung at kailan mapoprotektahan ang kanilang mga maliliit na anak laban sa COVID-19.

Ang mga batang may edad na 12 taong gulang pababa ay makaka-akses ng mga pasilidad kasama ang kanilang mga magulang o mga tagapag-alaga na makakatugon sa mga kinakailangan ng programa, at makalahok rin sa mga aktibidad ng kabataan habang sumusunod sa kasalukuyang mga hakbang sa pampublikong kalusugan.

**Mabilis na mga Katotohanan**

- Ang Comirnaty COVID-19 na bakuna ng Pfizer-BioNTech ay ang tanging bakuna na inaprubahan para gamitin sa mga batang may edad na lima hanggang 11 taon sa Canada.
- Inaprubahan ng Health Canada ang bakuna ng Pfizer para sa mga batang may edad na lima hanggang 11 taong gulang noong Nobyembre 19. Naaprubahan din ito para gamitin sa U.S.
- Mahigit sa 391,000 na mga Albertan na may edad na lima hanggang 11 taong gulang ay kwalipikado na ngayon para sa bakuna sa COVID-19.
- Hanggang ngayon sa Alberta:
    - Para sa mga batang may edad na lima hanggang 11 taon, mayroong humigit-kumulang 30,700 mga kaso ng COVID-19 na nasuri mula noong Marso ng 2020, kung saan 78 sa mga kasong iyon ay napunta sa ospital at 20 sa masinsinang pangangalaga.